


haag

HOUSING FOR THE AGED ACTION GROUP

HOME at last

Kailangan nating lahat ng ligtas at abot-kayang tirahan upang maging ligtas at malusog sa ating pagtanda. Kaya naman nagbibigay kami ng suporta sa mga nakatatandang walang tiyak na tirahan o walang matutuluyan, payo para sa mga nasa Retirement Housing, pag-ugnay sa mga nakatatanda sa mga serbisyo ng Aged Care, at pagtataguyod para sa karapatan ng mga nakatatanda sa pabahay.

Ang aming mga serbisyo ay bukas para sa mga taga-Victoria na may edad 50 pataas, at para sa mga Aboriginal at Torres Strait Islander na may edad 45 pataas. Mainit naming tinatanggap ang mga taong may iba't ibang kulturang pinagmulan, kakayahan, lahi, kasariang kinikilala, intersex na pagkakaiba-iba, oryentasyong sekswal, at paniniwala sa relihiyon.

oldertenants.org.au
Level 1, Ross House,
247 Flinders Lane, Melbourne
(03)9654 7389
haag@oldertenants.org.au

May makukuhang serbisyo ng interpreter kung hihilingin

Ang aming opisina ay may madaraanan para sa mga gumagamit ng wheelchair

Tagalog

# Suporta at Impormasyon tungkol sa Pabahay para sa mga Nakatatanda

## Tulong sa pribadong paupahan

Nahihirapan ka bang magbayad ng upa? Pinapaalis ka ba sa iyong tinitirhan? Mayroon bang sira sa iyong bahay at hindi ito kinukumpuni ng may-ari ng bahay? Kung ikaw ay isang nakatatanda na nakatira sa isang pribadong paupahan, maaari kaming magbigay ng payo upang maresolba ang mga isyu sa may-ari ng bahay o ahente ng real estate at magbigay rin ng impormasyon tungkol sa iba pang mga opsyon sa pabahay.
Tawagan ang Home at Last para sa libre at kompidensyal na impormasyon sa
**1300 765 178**

## Tulong sa paghahanap ng pabahay


Kailangan mo ba ng tulong upang makahanap ng tirahan na kaya mong bayaran?
Ang aming serbisyong Home at Last ay maaaring magbigay ng impormasyon at suporta sa mga kwalipikadong taga-Victoria upang makapag-aplay para sa abot-kayang Pampubliko o Pang-komunidad na Pabahay. Maaari kaming magbigay ng direktang tulong sa iyo, o ikonekta ka sa ibang mga serbisyo kung hindi ka namin kayang tulungan.
Tawagan ang Home at Last para sa libre at kompidensyal na payo sa
**1300 765 178**

## Tulong sa paghahanap ng Aged Care

Kailangan mo ba ng tulong sa bahay? May mga tanong ka ba tungkol sa Aged Care? Gusto mo bang malaman kung anong tulong ang makukuha? Tawagan ang aming serbisyo ng care finder [Tagahanap ng Pangangalaga] upang makakuha ng tulong sa pamumuhay nang nagsasarili sa iyong bahay sa
**1300 765 178**

## Tulong sa Pabahay para sa mga Retirado

Ang pagpili, pamumuhay sa, at pag-alis mula sa retirement housing ay hindi madaling gawin. Nababahala ka ba tungkol sa isang kondisyon sa iyong kontrata, isang bayad na tila hindi makatarungan o malabis, o sa paraan ng pagtrato sa iyo ng mga namamahala?
Tawagan ang aming Retirement Housing Advice Service [Serbisyo ng Pagpapayo sa Pabahay para sa mga Retirado] sa **(03) 9654 7389**



Kinikilala ng HAAG ang suporta ng Pamahalaan ng Victoria, ang Wicking Trust, ang Ian Rollo Currie Estate Foundation, at ang aming iba pang mga mapagkawang-gawang nagpopondo. Ang aming care finder service ay sinusuportahan ng Primary Health Networks [Mga Network ng Pangunahing Kalusugan] sa Victoria.